



# KALIGTASAN SA BUSH FIRE PARA SA MGA MANLALAKBAY

MAGHANDA NG ISANG PLANO SA PAGTAKAS.  
KAPAG NAABUTAN SA ISANG BUSH FIRE,  
MAAARI KAYONG MAMATAY.



Interpreter

131450

Kung hindi  
maganda ang  
mga kondisyon,  
huwag kayong  
pupunta!





Ang mga sunog-kagubatan at sunog-damuhan ay malimit na tumatawid ng kalsada at ang usok ay maaaring magpabawas ng makikita. Tiyaking mayroon kayo ng lahat ng impormasyong kailangan ninyo para mamalaging ligtas.

### BAGO KAYO BUMIYAHE SA DAAN, TINGNAN:

- Ang 'Fire Danger Ratings' (Mga Pagsukat sa Panganib ng Sunog) at 'Bush Fire Alerts' (Mga Babala tungkol sa Bush Fire) sa [www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au) o sa Smartphone application na 'Fires Near Me' (Mga Sunog na Malapit sa Akin)
- ang lagay ng panahon sa [www.bom.gov.au/nsw/forecasts](http://www.bom.gov.au/nsw/forecasts)
- Paano kayo tatawag ng tulong
- Nakaimpace ang Survival kit (kit na panligtas), kabilang ang isang gumaganang radyo na de-baterya, pananggalang na kasuotan, mga blangket na lana at tubig.

### KUNG NASA GITNA KAYO NG ISANG SUNOG:

- Tumawag sa Triple Zero **000**
- Humimpil nang wala sa daan, sa isang lugar na walang sagabal, na malayo sa mga puno.
- Iharap ang inyong kotse na paharap sa apoy
- Manatili sa loob ng kotse na mababa sa mga bintana upang mapangalagaan kayo laban sa singaw ng init
- Patayin ang makina at ibukas ang mga ilaw sa harapan at mga ilaw-pampeligro
- Isara ang mga bintana at labasan ng hangin
- Takluban ang sarili ng blangket na lana
- Uminom ng tubig
- Takpan ang inyong bibig ng mamasa-masang tela. Manatiling nakababa hanggang sa ang ingay ng sunog ay nakalampas na, maingat na lumabas ng kotse (magiging mainit ito) at uminom ng tubig.